

1

Ang kontak tracing ay nagsisimula sa Kagawaran ng Kalusugan at Serbisyon Pantao ng Long Beach kapag nakatanggap kami ng positibong resulta mula sa isang laboratoryo o healthcare provider para sa isang indibidwal sa Long Beach.



2

Nakikipag-ugnay kami sa mga indibidwal na positibo. Pinapayuhan ang mga positibong indibidwal na manatili sa bahay nang hindi bababa sa sampung (10) araw matapos lumitaw ang mga sintomas, at hindi bababa sa 3 araw (72 oras) matapos mawala ang lagnat nang walang paggamit ng gamot na nagbabawas nito, at ang iba pang mga sintomas ay napabuti. Kung hindi nagpakita ng sintomas ang indibidwal, pinapayo namin sa kaniila na ibukod ang sarili mula sa araw ng kanilang positibong pagsusuri.



3

Sa kontak tracing, hinihingan ang mga indibidwal ng:

- Pangunahing impormasyong demograpiko
- Kailan unang lumitaw ang sintomas
- Posibleng pinagmulan ng pagkahawa
- Listahan ng posibleng nahawahan na mga kontak



4

Makikipag-ugnay sa mga malapit na kontak ng taong positibo sa COVID-19. Ang malapit na kontak ay mga indibidwal na nagkaroon ng alinman sa mga sumusunod na interaksyon sa taong positibo sa COVID-19:



Nasa loob ng anim na talampakan na higit sa 10 minuto



May direktang kontak sa mga pagbahing o ubo



Nakatira kasama o madalas sa sambahayan



Isang tagapag-alaga



Isang malapit na kapareha (intimate partner)

Hinihiling sa mga malapit na kontak na manatili sa bahay at subaybayan ang kanilang kalusugan sa loob ng 14 na araw pagkatapos na sila ay huling nasa paligid ng isang taong mga COVID-19.

SINTOMAS NG COVID-19

Ang mga sintomas ng COVID-19 ay maaaring maging banayad(o walang sintomas) hanggang sa malubhang pagkakasakit. Ang mga sintomas ay maaaring lumitaw ng 2-14 araw matapos mahawahan ng virus. Ang mga tao ay maaaring magkaroon ng isa o kumbinasyon ng iba't ibang mga sintomas.



Lagnat



Bagong pagkawala ng panglasa at pangamoy



Ubo



Ang pag igsi ng hininga o kahirapan sa paghinga



Namamagang lalamunan



Panginginig



Sakit sa kalamnan